
BISIG 2015

INSTITUTE OF LABOR AND INDUSTRIAL RELATIONS

# BISIG

2015 Bol. 2



# MANGGAGAWA AT PAGGAWA SA PANAHON NG NEOLIBERALISMO

**BISIG**
Office of the Vice President for Research, Extension, Planning and Development
Institute of Labor and Industrial Relations

**Rimando E. Felicia**
Punong Editor

**Jomar G. Adaya**
Tagapamahalang Editor

**Richardo M. Ramos**
Editoryal na Staff

Lupon ng mga Editor

**Emanuel C. De Guzman, PhD**
Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

**Judy Taguiwalo, PhD**
Unibersidad ng Pilipinas

**Manuel M. Muhi, PhD**
Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

**Epifanio San Juan Jr., PhD**
Philippine Cultural Studies Center, USA

**Paul Quintos, MSc**
Ecumenical Institute for Labor
Education and Research

**Nancy Kimuell-Gabriel, PhD**
Unibersidad ng Pilipinas

**Ramon Guillermo, PhD**
Unibersidad ng Pilipinas

**David Michael San Juan, PhD**
De La Salle University

Ang BISIG ang natatanging refereed journal sa mga research institute ng PUP na nasa wikang Filipino na nagtatampok ng mga artikulo o papel pananaliksik hinggil sa kalagayan ng sektor ng paggawa sa Pilipinas na taunang inilalabas ng ILIR-PUP. Pangunahing itinatampok nito ang mga pag-aaral na sumisipat sa mga napapanahong isyu hinggil sa kalagayan ng manggagawang Pilipino. Karaniwang nakatuon ang mga paksa sa mga usapin tulad ng unyonismo, globalisasyon, neoliberal na polisiya, kilusang panlipunan, karapatan at kalagayan ng manggagawa, at iba pang katulad na ang perspektiba'y maaaring nakasandig sa multi/interdisiplinaryong lapit.

Dumadaan sa proseso ng *double-blind peer review* ang mga artikulo. Ang isusumiteng artikulo ay nararapat na orihinal at hindi pa nailalathala at nasa wikang Filipino. Sakaling nasa ibang wika, marapat na isalin ito sa Filipino at tanging ang salin ang ilalathala. Maaari itong bahagi ng tesis, disertasyon, mga tala, rebyu, komentaryo o papel na natalakay sa seminar o kumperensiya, at iba pang katulad. Kompyuterisado (MS Word doc.), doble-espasyo, Arial ang font na 12 ang puntos, at 20-30 na pahina na may lakip na 200-300 salitang abstrak (may salin sa Ingles) at susing salita na hindi lalagpas ng apat. Estilong APA 6th edition ang gagamiting dokumentasyon. Kalakip ng isusumiteng artikulo ang hindi lalagpas sa sampung pangungusap na bionote o tungkol sa awtor.

Maaaring isumite ang papel sa bisigilirpup@gmail.com o sa ilir@pup.edu.ph. Para sa mga katanungan, tumawag lamang sa numerong 3351787 local 304 o kaya ay magtungo sa tanggapan ng ILIR-PUP sa 418 South Wing, PUP Mabini Campus, Anonas St, Sta. Mesa, Manila.

# BISIG

Surian sa Paggawa at Relasyong Pang-industriya

**BISIG**
Karapatang-ari © 2015 Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

Maaaring sipiin ang alinmang bahagi ng journal para sa ikasusulong ng interes at mithiin ng mga anakpawis at mamamayan. Kailangan lamang ng angkop na pagkilala sa naglathala o sa mga may-akda.

Inilathala ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

2015 Bolyum 2

ISSN: 2467-6330

**Paliwanag sa Pabalat (Cover)**

Ang sining-biswal na ginamit sa isyung ito ng Bisig ay ambag ng kilalang artista ng bayan at ng uring manggagawa na si Leonilo "Neil" Doloricon. Pinamagatang "Globalisasyon" ang sining-biswal na nasa pabalat sa harap,samantalang "Tagapaglikha" naman ang nasa pabalat sa likod.

## Paunang Salita

Mahigit tatlong dekada ng paghambalos ng liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon (LPD o Lapida kung tawagin ng mga manggagawa). Paano nga'y matinding hagupit ang inabot ng manggagawa at mamamayan sa epekto ng mga patakarang ito ng globalisasyon. Naghalinhinan ang mga administrasyon sa gubyerno subalit nanatili at lalo pa ngang sumisidhi habang lumalaon ang pagpapatupad sa mga patakarang ito sa anyo ng mga batas, polisiya at programa ng mga ahensya at iba pang instrumento ng paghahari ng gubyerno.

Lalo pang tumindi ang krisis ng lipunang Pilipino. Sa kabila ng mga palamuti ng demokrasya, hindi mapapasubalian kahit kulapulan ng mapanlinlang na datos ang malubhang pagsadsad ng ekonomya ng bansa at ang matinding paghihikahos ng nakararaming mamamayan. Lumalago ang ekonomya subalit nauubos ang mga regular na trabaho, ibayong miserable ang pamumuhay ng maralita, lalong nawawalan ng lupa ang magsasaka at nasasaid ang yaman ng bansa dahil sa pagsidhi ng pangungulimbat ng mga dayuhan at malalaking kapitalista sa ating bayang sinta.

Sa kabila nito, walang palatandaang mahihinto ang mga patakarang ito. Patuloy pa ring nakatuon sa eksport, umaasa sa import at nakasandig sa dayuhang kapital at pautang ang istratehiya ng ating ekonomya. Sa kabila ng mga nagdudumilat na mga patunay, datos, anekdota, halimbawa, kwento at pag-aaral sa nakasisirang epekto nito sa ekonomya at kabuhayan ng bayan, ito pa rin ang isinusulong ng gubyerno. Tila hindi pa sapat ang tatlumpung taon ng pagkaduhagi ng ating bayan sa direktang epekto ng globalisasyong neoliberal.

Sa isyung ito ng Bisig, inilalarawan ng mga akda ang iba't ibang mukha at epekto ng globalisasyong neoliberal mula sa wika, produksyon, media, relasyong industriyal at sa iba pang aspeto ng lipunan. Layon ng isyung ito na umambag sa patuloy na pag-unawa sa globalisasyong neoliberal sa layuning hanapin ang landas tungo sa pagkakamit ng malaya at masaganang lipunan.

Sa bandang huli, walang susulingan ang mamamayan kundi ang kanilang sariling lakas. Sa kanilang sama-samang lakas matatagpuan ang tunay na kapangyarihang magbago ng lipunan. Subalit magagawa lamang ito ng mulat, organisado at determinadong mamamayan kasama ang mga istudyante, manggagawa, magsasaka at iba pang pwersang naghahangad ng tunay at makabuluhang pagbabago sa lipunan. At tapat sa aming panata --- ang Bisig ay lalaging bisig ng manggagawa at mamamayan!

**Prof. Rimando E. Felicia**
**Editor**

## Mga Nilalaman

**Introduksyon**

**Para sa Negosyo o Kalayaan? Pagsipat sa Dayuhang Pagmamay-ari at Kalagayan ng Manggagawa sa Media**
Dennis Espada **1**

**Panimulang Dalumat sa mga Tula ng mga Magkokopra sa Bondoc Peninsula Tungo sa Pagsiyasat sa Panlipunang Kaakuhan**
Romeo Peña **23**

**Pangangapital sa Wika sa Espasyo ng Kolonyal na Moda ng Produksyon sa Pilipinas**
Jomar Adaya **37**

**Balanseng Paggugrupo ng Trabaho: Ang Bisyon ng Parecon ni Michael Albert**
U Eliserio **61**

**Kontra-Modernidad: Ilang Mungkahi sa Pagbabagong Radikal ng Lipunan**
Epifanio San Juan Jr. **79**

**Neoliberalismo at ang Kilusang Paggawa sa Pilipinas: Epekto at Pakikibaka**
Daisy Arago, Salin ni RE Felicia **89**

**Mga Kontribyutor** **125**

DENNIS ESPADA

# Para sa Negosyo o Kalayaan? Pagsipat sa Dayuhang Pagmamay-ari at Kalagayan ng Manggagawa sa Media

*Layon ng artikulong ito na magbigay ng ilang tala hinggil sa pagsibol at pag-unlad ng tradisyunal na media sa Pilipinas gaya ng pahayagang nakaimprenta, radyo, pelikula, telebisyon at adbertaysing, kabilang ang makabagong media gaya ng pahayagang online at iba pang katulad. Ginalugad nito ang sumusunod na panahon: kolonyalismong Espanyol at bago ito, kilusang reporma at ang Katipunan, Guhit ng Tadhana ng United States, paghaharing militar, at kasalukuyang sitwasyon. Sinikap buuin sa pamamagitan ng balik-aral ang panimulang pagtalakay sa kasaysayan ng pagmamay-ari sa media, at ang mga interes sa ekonomiya at politika sa likod nito. Bukod sa pagbanggit sa mga nangungunang media conglomerates sa buong daigdig, hinimay sa artikulo ang epekto ng liberalisasyon sa balangkas ng globalisasyong neoliberal, at ang panukalang charter change para lubusin ang dayuhang pagmamay-ari sa media. Inilarawan dito ang papel ng mga maglilimbag sa kasaysayan ng kilusang paggawa at walang-maliw na pagtaguyod ng mamamayan sa demokrasya't malayang pamamahayag, pati ang pagsiwalat sa unti-unting pagpatay sa mga manggagawa sa media sa pamamagitan ng kontraktwalisasyon at mabilisang pagpatay sa mga mamamahayag sa pamamagitan ng asasinasyon. Minarapat na tukuyin ang ilang mga kabiguan ng media sa pagtupad ng tungkulin at mga kahinaan sa mga pamantayan nito, kasabay ng pagbibigay-diin sa panawagan para sa Pilipinisasyon.*

**Mga susing salita: media ownership, charter change, contractualization, impunity**

*This article intends to provide some notes on the emergence and development of traditional media in the Philippines such as printed publications, radio, film, television and advertising, including the new media such as online publications and others. It explores the following periods: Spanish colonialism and earlier, reform movement and the Katipunan, Manifest Destiny of the United States, martial law, and current situation. It seeks to create, through review, a preliminary discussion on the history of media ownership, and the economic and political interests underlying it. Aside from mentioning the leading media conglomerates in the world, the article analyzes the effects of liberalization within the framework of neoliberal globalization, and the proposed charter change to accomplish foreign ownership of media. It illustrates the role of printers in the history of the labor movement and the people's tireless assertion of democracy and press freedom, which includes revealing the killing of media workers one by one through contractualization and the instantaneous killing of journalists through assassination. It was deemed necessary to identify some failures of the media in fulfilling its duties as well as weaknesses in its standards, while emphasizing the call for Filipinization.*

**Key words: media ownership, charter change, contractualization, impunity**

## Panimula

Hinuhubog ng mga programa sa radyo, palabas sa telebisyon, pelikula, babasahin, adbertaysing at mga website sa internet ang pagpapahalaga ng tao sa buhay at maging ang perspektiba sa mundong ginagalawan. Para itong emosyonal na roller coaster sa pabrika ng kultura: isinasakay tayo araw-araw sa itinakdang adyenda gaya ng kung sino ang popular, kung ano ang usap-usapan o kung alin ang dapat isuot.

Dahil sinasalamin nito ang ekonomiya't politika, sabi ni McQuail (2010), "Tila ang media ay maaaring magsilbi sa panunupil o pagpapalaya, sa pagkakaisa o pagpira-piraso sa lipunan, sa pagtataguyod o pagpipigil sa pagbabago."

Pasan-pasan natin ang isang kronikong krisis subalit walang kamalay-malay sa mga ugat nito ang media, partikular iyong kolonyal at komersyalisado. Tulad ng nakagawian, nariyan pa rin ang bayas na nagpapalabnaw sa mga progresibo o rebolusyonaryong pagsusuri't panawagan. Kung mulat man ang mga taga-media, o may tapang na tumugon, sa mga problemang panlipunang kinakaharap ng mamamayan, kadalasa'y nakakahon sila sa repormistang ilusyon.

May nagmumungkahi pa ng denasyunalisasyon bilang “solusyon”. Sa porum na inorganisa ng *Makati Business Club at Management Association of the Philippines* noong Marso 16, idineklara ni Senador Grace Poe ang pagpabor niya sa pag-aalis ng restriksyon sa dayuhang pagmamay-ari sa media at adbertaysing, at ang plano niyang madaliin ang pagsususog sa mga konstitusyunal na probisyong pang-ekonomiya para maipatupad ito. Base sa ulat ni Lema (2016), ang katwiran ni Senador Poe: “Bakit hindi payagan ang higit pang dayuhang pagmamay-ari kung nagbibigay naman ito ng trabaho sa mga Pilipino at mayro’ng paglilipat ng teknolohiya? Hindi ako sang-ayon sa pag-aari ng lupa pero sang-ayon ako sa media, sa ilang mga kagamitan, sa mga institusyong akademiko at pati sa propesyong medikal.”

Kung tutuusin, hindi kawalan ng teknolohiya ang mas malaking problema; ito’y ang hindi pagiging accessible at abot-kaya nito para sa lahat. Sa paglaganap ng tinaguriang “social media”, halimbawa, aanhin ang pinakabagong labas na gadgets kung napakabagal ng binabayarang internet connection at monopolisado pa ang service providers? Halos isang siglo nang dumadagsa sa bansa hindi lang mga imported na teknolohiya kundi pati mga imported na materyales sa kultura. Gayong may kakayanan ang mga Pilipino na lumikha at paunlarin ang mga ito, ang nangingibabaw pa rin ay iyong mga nagmumula sa dayuhan, sa pangunguna ng Estados Unidos.

Mariing tinutulan ng Bagong Alyansang Makabayan (2016) ang panukalang dayuhang pagmamay-ari sa media na “magpapahamak sa bansa sa pangmatagalan” at “magpapatatag lamang sa dayuhang kontrol hindi lang sa ekonomiya kundi sa lahat ng aspeto ng buhay Pilipino.” Salungat ito sa layuning itaguyod ang nasyunalismo sa media, kabilang ang pelikula na ilang dekadang pinaunlad ng yumaong ama ni Senador Poe, ang Pambansang Alagad ng Sining na si Fernando Poe Jr. Tanong ng Bagong Alyansang Makabayan (2016), “maaasahan ba ang media conglomerates gaya ng Time-Warner na pangalagaan ang ating pambansang interes?”

**Panlulupig o Kasarinlan**

Bago dumating sa ating kapuluan ang mga Kastilang kongkistador, anumang mahahalagang pangyayari noon ay ibinabalita sa madla ng mga taong tinatawag na "umalohokan." Naobserbahan ng Philippine Communication Centrum Foundation (2016) na: "May umiiral nang katutubong anyo ng komunikasyon na pinatunayan ng mga sulatin sa mga balat-kahoy at kawayan." Umunlad ang mga bugtong (riddle), darangan (epic poetry), kumintang (war song), hudhud (wedding song) at iba pang panitikan. Subalit itinanim ng mga dayong manlulupig ang krus para alipinin ang isip ng mamamayan. Nangibabaw ang mga senakulo, pasyon, at awit-korido. Noong 1593, inilathala ng kauna-unahang imprenta ang *Doctrina Christiana* para lalong palawakin ang indoktrinasyon sa pananampalatayang Katoliko. Kontrolado ng pamahalaang Espanyol ang paglalathala ng pahayagang tinawag na "hojas volantes" (flying sheets). Sinundan ito ng *Sucesos Felices* noong 1637 ni Tomas Pinpin, Pilipinong kilala sa paglilimbag ng *Librong Pagaaralan nang mga Tagalog nang Uicang Castilla*. Noong 1811 inilabas ni Gobernador Manuel Fernandez Folgueras ang kauna-unahang "pormal" na dyaryo tungkol sa mga kaganapan sa Espanya, ang *Del Superior Govierno*, na tumagal lamang ng anim na buwan. Nakaapekto nang malaki ang mga batas sa sensura sa patuloy na pag-iral ng mga dyaryo, gaya ng *La Esperanza* ni Miguel Sanchez na unang lumabas noong 1846 at tumagal ng tatlong taon. Pinalitan ito ng *Diario de Manila* noong 1848. Ang unang dyaryong bilinggual na *El Pasig* ay lumabas noong 1862 at nakasulat sa wikang Espanyol at Tagalog. Noong 1889 hanggang 1896 lumabas ang unang katutubong pahayagan na *El Ilocano*, tatlong taon bago lumabas noong 1892 ang *Diariong Tagalog*, ang unang pang-araw-araw na dyaryo, at ang *El Hogar*, ang unang publikasyon ng kababaihan, na lumabas noong 1893.

Habang itinakda ng batas ang paglikha sa *Boletin Oficial de Filipinas* noong 1852 bilang tanging tagapaglathala ng mga dikreto, desisyon, abiso at iba pang balita ng pamahalaang kolonyal, sa kabilang banda, ang *La Solidaridad* ay sumibol at nagsilbi bilang daluyan ng propagandang liberal ng kilusang reporma. Mula 1889 inilathala ang naturang dyaryo sa Espanya, sa pangunguna ng mga ilustradong sina Graciano Lopez-Jaena, Marcelo del

Pilar, Dr. Jose Rizal, Antonio Luna at iba pa. Bagama't nabigo ang hinihinging reporma, naabot ng propaganda nila ang buong kapuluan. Kung tutuusin, ang dyaryong may malinaw na oryentasyong pambansa't demokratiko ay ang *Kalayaan*, opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong samahang Katipunan o KKK (Kataas-taasang Kagalang-galang na Katipunan ng mga Anak ng Bayan). Pinamatnugutan ito ni Emilio Jacinto at inilathala noong 1896, na sinundan ng iba pang dyaryong may kahalintulad na tema gaya ng *La Independencia* at *La Libertad* (Malinao, 1997). Katunayan, pinagbuklod ng mga publikasyong ito ang mamamayan para sa adhikaing nasyunalismo't kasarinlan.

Mahalagang banggitin ang makasaysayang papel ng mga manggagawa sa media. Noong Disyembre 30, 1901, pormal na itinatag ang unang unyon sa bansa, ang Union Impresores de Filipinas (UIF). Binubuo ito ng mga kasapi ng gremyo sa kalunsuran na umanib sa Katipunan. Bilang unyon ng mga maglilimbag, palihim nilang inilimbag ang *Kalayaan*. Sa idineklara ng UIF na makauring prinsipyong, "dapat kamtin ng mga manggagawa mismo ang paglaya ng mga manggagawa," iginuhit nito ang oryentasyon ng unyonismo na naging pundasyon sa pagbubuo ng unang pederasyon sa paggawa, ang Union Obrero Democratica, noong 1902. Kumalat ang mga welga at pag-uunyon mula noon. Noong 1918, nakamit ng mga manggagawa sa imprenta ang sandaang porsyentong pagtaas sa sahod matapos isagawa ang isang pangkalahatang welga (Bisig, 2014).

**Guhit ng Tadhana**

Itinatag noong 1898 ng taga-Inglaterang si Thomas Gowan ang *Manila Times* para tugunan ang pangangailangan ng mga Amerikanong naninirahan sa bansa. Sinundan ito ng *Manila Bulletin* noong 1900 na pag-aari ng Amerikanong si Carson Taylor at ng *Philippines Free Press* noong 1907 na itinatag ng Amerikanong si Judge W.A. Kincaid (Philippine Communication Centrum Foundation, 2016). Sa ganitong mga kaganapan umusbong ang media bilang instrumento sa propaganda ng US. Tinawag ni Soliongco (1981) na "mga alilang babae ng Guhit ng Tadhana" (handmaidens

of Manifest Destiny) ang *Manila Times*, *Manila Bulletin* at *Cablenews American* noon. Binigyang diin niya na "wala silang pinagnilayan kundi ang mga pananaw ng bagong rehimen. Kinutya nila ang katalinuhan ng mga Pilipino at idiniin ang pagpapabatid ng kabarbaruhan ng lahing Pilipino" (Soliongco, 1981).

Namayani noon ang mga dyaryong tipong *Hearst* at nasa wikang Ingles, pero brutal na sinupil o ginipit ng kolonyal na awtoridad iyong iba na may liberal na pananaw at nasa wikang Espanyol o Tagalog, gaya ng dyaryong *Sakdal* na itinatag ni Benigno Ramos. Inihalimbawa ni Malinao (1997) ang pagpapasara sa *El Renacimiento* noong 1908 dahil sa paglalabas ng editoryal na may pamagat na "Birds of Prey" na pumupuna umano sa parasitikong aktibidad ng mga dayuhan. Dumanas rin ng regular na sensura ang *Manila Tribune*, *Taliba* at *La Vanguardia* na tanging pinayagan ng hukbong militar ng Hapon na magpatuloy sa paglalathala. Bukod dito, may papel din ang media sa mabagsik na kampanyang anti-komunismo. Sa pananaliksik ni Hofilena (2004), noong 1960 binili ng Amerikanong negosyanteng si Harry Stonehill ang dyaryong *Evening News* "para protektahan ang kanyang malawak na interes sa negosyo sa isang -kapaligirang napagtanto na nagbabanta sa dayuhang pang-ekonomiyang mga interes." Noong 1967, ipinasa ang pagmamay-ari nito sa mga Elizalde, kilalang pamilya sa industriya ng asukal at may-ari rin ng *Manila Broadcasting Company*.

Ang pelikula bilang popular, mapang-aliw at mapanghalinang sining ay naging malaking negosyo sa mga sumunod na dekada. Sabi ni Soriano (2000), nag-umpisa ang pelikula sa Pilipinas noong 1896 nang iprodyus ni Senior Pertierra ang "Espectaculo Cientifico de Pertierra" (Pertierra Science Show) sa Maynila. Pagkatapos maitayo ang mga teatrong *Majestic* at *Zorilla* sa may Recto Avenue, nilikha ng taga-Inglaterang si Albert Yearsley ang una't mahabang silent film tungkol sa buhay ni Rizal. Di nagtagal, binili ng mga negosyanteng Tsino ang mga kagamitan ni Yearsley. Samantala, binili ng Pilipinong negosyanteng si Jose Nepomuceno ang mga kagamitan ng cameraman na nagngangalang Gross para lumikha ng pelikula. Nang lumaon, sumulpot ang Sampaguita Pictures, LVN Pictures at Excelsior

Pictures bilang mga unang kumpanya sa produksyon ng pelikula na sunud-sunuran sa genre at istilo ng Hollywood.

Udyok rin ng kapitalistang interes ang labis na pagkahilig ng mga Pilipino sa Amerikanong uri ng pamumuhay. Ang ahensya sa adbertaysing na Philippine Publicity Service, na itinatag noong 1921 at sinundan ng Philippine Agency Service Company, ay nagsilbing clearing house para sa mga patalastas ng mga produktong pangkonsumo na galing sa US (Philippine Communication Centrum Foundation, 2016).

Kung ang Amerikanong si Henry Hermann ang nagmay-ari ng unang istasyon ng radyo noong 1924, ang KZKZ, si J. Amado Araneta naman ang unang Pilipinong mamumuhunan sa radyo. Binili niya ang KZRM at KZEG mula sa Radio Corporation of the Philippines, ang lokal na entidad na namahagi ng radio receiving sets na yaring US (Grafilo, 1992). Sa ilalim ng pananakop ng mga militaristang Hapones, ipinasara ang lahat ng istasyon ng radyo maliban sa KZRH (ngayo'y DZRH) na ginamit sa propaganda nito (Malinao, 1997). Pagkatapos ng digmaan, ang propyetaryo ng media ay pawang naging mga kaalyado ng politiko o partidong pampolitika na kabilang sa oligarkiya. Sabi ni Grafilo (1992), nagsimula ang telebisyon noong 1953 nang umere ang istasyong DZAQ-TV Channel 3 ng Alto Broadcasting System (ABS) na pag-aari ni Antonio Quirino. Sadyang ginamit ang bagong teknolohiya sa kampanyang elektoral ng kapatid niyang si Presidente Elpidio Quirino, bagama't kaunting tao pa lang ang may access sa telebisyon noon. Nang bilhin ni Eugenio Lopez Sr. (kapatid ni Bise-Presidente Fernando Lopez Sr.), may-ari ng *Manila Chronicle* at DZXL-TV Channel 9 ng Chronicle Broadcasting Network (CBN) ang buong pasilidad, ganap na nagsanib ang ABS-CBN bilang unang radio-TV network sa bansa.

Tulad ng radyo, ang telebisyon ay naging empresang nagkakamal ng tubo. Sa pag-aaral ng Philippine Communication Centrum Foundation (2016), sa panahong iyon sampung porsyento lamang ng pang-araw-araw na nilalaman ng mga palabas at programa sa telebisyon ay gawang lokal. "Mga delatang programa" (canned programs) na inimport sa US ang madalas napapanood. Sa pagsapit ng 1966, umabot sa 18 ang bilang ng pribadong

pag-aaring TV channels at, makalipas ang dalawang taon, itinayo ang mga unang pamprobinsyang istasyon ng TV sa Cebu, Bacolod at Dagupan.

**Paghaharing militar**

Ang unang *Letter of Instruction* sa ilalim ng batas militar ay nag-utos na kagyat na samsamin at kontrolin ang lahat ng pasilidad o kagamitan sa komunikasyong pangmadla. Sa Metro Manila, naipasara ng rehimeng Marcos noong Setyembre 22, 1972 ang pitong dyaryo sa Ingles, tatlong dyaryo sa Filipino at pitong istasyon ng telebisyon. Sa mga probinsya, 60 pahayagang pangkomunidad at 292 istasyon ng radyo ang ipinasara (Hofilena, 2004). Nagresulta ito sa malawakang tanggalan sa trabaho. Ipinagbawal ang pag-iimprenta at pamamahagi ng anumang publikasyon nang walang permiso mula sa militar. Maraming mamamahayag at aktibistang kritikal sa administrasyon ang inaresto't ikinulong, ang ilan ay tinortyur o pinatay. Binanggit ng Philippine Communication Centrum Foundation (2016) na kinontrol ni Roberto Benedicto—malapit na kaalyado ni Marcos at mayor na stockholder ng mga empresa sa telekomunikasyon—ang Radio Philippines Network (6 TV, 15 radio stations), Banahaw Broadcasting Corporation (2 TV, 7 radio stations) at Inter-island Broadcasting Corporation (8 TV, 4 radio stations).

Buong giting na tinuligsa at hinamon kapwa ng alternative press (na tinawag ring "mosquito press") at underground press ang monopolisadong pagmamay-ari sa media na nakakonsentra sa kamay ng iilang kroni o kamag-anak ni Marcos. Ilan sa mga halimbawa ng di-komersyal na alternative press ay ang *We Forum*, *Philippine Collegian* at iba pang publikasyong pangkampus na may aktibistang oryentasyon. Sa bahagi naman ng underground press, binanggit ni Vizmanos (2003) ang *Balita ng Malayang Pilipinas*, *Taliba ng Bayan*, *Bandilang Pula*, *Liberation*, *Kalayaan*, *Ulos* at *Ang Bayan*.

Hindi nasupil ang "xerox journalism" at "cassette journalism" tungkol sa asasinasyon ng dating senador Benigno Aquino Jr. noong 1983. Mas

lumawak pa ang naabot na tagapakinig ng Radyo Bandido at Radio Veritas habang dumami naman ang nagbabasa ng *Philippine Daily Inquirer* at iba pang tahasang sumuway sa instruksyon ng gobyerno hinggil sa pagbabalita. Pagkatapos ng pag-aalsang EDSA ng 1986, sinekwester ng administrasyon ni Corazon Aquino ang mga istasyon ng radyo at telebisyon at dyaryong maka-Marcos. Naibalik o/at nagpatuloy ang pagmamay-ari sa broadcast media ng mga Lopez, Roces, Jimenez, Canoy, Cojuangco at Elizalde (Philippine Communication Centrum Foundation, 2016). Samantala, naging higit na mapangahas ang mga gumagawa ng pelikulang may temang politikal. Upang di na maulit ang pang-aabuso noong batas militar at mapigilan ang monopoli, hinayaan umano ang media na maging "malaya" at "self-regulated" sa paniniwalang higit itong uunlad sa pamamagitan ng malayang kompetisyon at kalakalan. Subalit nalantad ang kahungkagang iyon nang binili ng isang grupong malapit kay Presidente Joseph Estrada ang dyaryong hinabla nito ng libelo, ang *Manila Times*, noong 1999. Muli, labing tatlong taon pagkaraan ng pag-aalsang EDSA, ang pag-aari sa media na kritikal sa gobyerno ay ginamit na paraan para mapatahimik ito.

**Para kanino ang media?**

Sa Pilipinas, sadyang napakagastos ang magtayo at magmantine ng pahayagan o broadcasting network na may pambansang saklaw. Kung ang gastusin sa media na kontrolado ng estado ay nakaasa sa badyet ng gobyerno, ang pinagkakakitaan ng media na pribadong pag-aari ay nakadepende naman sa dami ng isponsor, adbertayser at suskrisyon. Dahil mas interesado sa tubo kaysa serbisyo publiko, sinasala nila ang impormasyong ipinararating sa madla; idinidikta kung ano ang tama o maganda, at kung alin lamang ang pagpipilian. Sa programang liberalisasyon, kabilang ang media sa pinapasok ng dayuhang mamumuhunan. Nakikipagsosyo sila sa mga lokal na malalaking asendero't negosyante na may interes o monopoli sa iba pang empresa't industriya. Nakatuon ang pangunahing elektroniko't nakaimprentang media para sa promosyon at proteksyon ng mga negosyo nila, laluna sa panahong may matinding kumpetisyon o kontrobersya. Kung tutuusin, hindi kailangan na dayuhan mismo ang direktang magpakalat ng

mga kaisipang anti-demokratiko at anti-Pilipino dahil ginagawa na iyon ng mga gahaman at makabagong traydor sa bayan. Ayon sa Center for Media Freedom and Responsibility (2007):

> "Mayorya sa mga may-ari sa pinaka-maimpluwensiyang dyaryo, ang *Inquirer*, halimbawa, ay may interes sa real estate at pagmamanupaktura ng pagkain. Ang may-ari ng *Bulletin* na si Emilio Yap ay may mga interes sa sasakyang dagat at iba pang pakikipagsapalaran. Ang dalawang pinakamalaking mga media network ay pag-aari ng mga kumpanya ng mayayamang pamilya. Ang ABS-CBN ay pag-aari ng pamilyang Lopez at ang GMA Network ng pamilyang Gozon-Duavit-Jimenez. Ang ABS-CBN ay isang kumpanyang multimedia na may 33 istasyon ng TV sa buong bansa, 20 FM at siyam na AM radio stations, at mga subsidyaryo at affiliates sa video/audio postproduction, produksyon at pamamahagi ng pelikula, at pagrerekord at pamamahagi ng audio. Pinatatakbo nito ang isang cable TV network at isa ring cable TV at Internet provider. Bukod dito, pag-aari nito ang ilang magasin at imprenta. Ang GMA Network ay isa ring kumpanyang multimedia, at may mga subsidyaryo at affiliates sa produksyon at pamamahagi ng pelikula, produksyon ng musika at bidyo, radyo at Internet."

Ang global media ay isang multi-bilyong industriyang hawak ng conglomerates. Sa listahang inilabas ng Institute of Media and Communications Policy (2015), kabilang sa 100 pinakamalaking korporasyong media sa buong mundo ang sumusunod:

| | |
|---|---|
| Comcast (Philadelphia / USA) | € 51.769 billion |
| Google Inc. (Mountain View / USA) | € 49.681 billion |
| The Walt Disney Company (Burbank / USA) | € 35.308 billion |
| News Corp. Ltd. / 21st Century Fox (New York / USA) | € 30.441 billion |

| | |
|---|---|
| DirecTV, LLC (El Segundo / USA) | € 24.318 billion |
| Viacom Inc./CBS Corp. (New York / USA) | € 20.767 billion |
| Time Warner Inc. (New York / USA) | € 20.594 billion |
| Sony Entertainment (Tokyo / JP ) | € 20.169 billion |
| Bertelsmann SE & Co. KGaA (Gütersloh / GER) | € 16.675 billion |
| Apple Inc. (Cupertino / USA) | € 13.596 billion |
| Cox Enterprises Inc. (Atlanta / USA) | € 12.872 billion |
| Liberty Media Corp./Liberty Interactive (Englewood, CO / USA) | € 11.253 billion |
| Dish Network Corporation (Englewood, CO / USA) | € 10.990 billion |
| Vivendi S.A. (Paris / FRA) | € 10.089 billion |
| Tencent (Shenzen / China) | € 9.643 billion |
| Thomson Reuters Corporation (New York / USA) | € 9.484 billion |
| Facebook, Inc. (Palo Alto / USA) | € 9.384 billion |
| Rogers Comm. (Toronto / CA) | € 8.765 billion |
| The Hearst Corporation (New York / USA) | € 7.753 billion |
| Microsoft Corporation (Redmond / USA) | € 7.247 billion |
| Lagardère Media (Paris / FRA) | € 7.170 billion |
| RELX Group (London / GB) | € 7.161 billion |
| Charter Comm. Inc. (St. Louis / USA) | € 6.856 billion |
| Bloomberg L.P. (New York / USA) | € 6.775 billion |
| ARD (Berlin, München / GER) | € 6.284 billion |
| Pearson plc (London / UK) | € 6.046 billion |
| Advance Publications (New York / USA) | € 6.022 billion |
| BBC (London / UK) | € 5.965 billion |
| Baidu Inc. (Beijing / China) | € 5.871 billion |
| Globo Communicação e Participações S.A. (Rio de Janeiro / BRA) | € 5.204 billion |
| The Naspers Group (Cape Town / ZA) | € 4.888 billion |
| Cablevision Systems Corp. (Bethpage, NY / USA) | € 4.863 billion |
| iHeart Media (San Antonio / USA) | € 4.742 billion |
| The Nielsen Company (Haarlem / NL) | € 4.733 billion |
| Discovery Communications (Silver Spring / USA) | € 4.716 billion |
| Nippon Hoso Kyokai (Tokyo / Japan) | € 4.668 billion |
| Fuji Media Holdings, Inc. (Tokyo / JP) | € 4.585 billion |
| Grupo Televisa (Mexico City / MX) | € 4.538 billion |
| Gannett Co. Inc. (McLean, Virginia / USA) | € 4.522 billion |

| | |
|---|---|
| Netflix (Los Gatos / USA) | € 4.144 billion |
| Nintendo Company Ltd. (Kyoto / Japan) | € 3.918 billion |
| McGraw-Hill Financial (New York / USA) | € 3.802 billion |
| ITV plc (London / GB) | € 3.667 billion |
| Wolters Kluwer nv (Amsterdam / NL) | € 3.660 billion |
| Shaw Communications (Calgary / CA) | € 3.575 billion |
| Yahoo! Inc. (Sunnyvale / USA) | € 3.476 billion |
| Mediaset SpA (Milan / IT) | € 3.414 billion |
| Asahi Shinbun Company (Tokyo / Japan) | € 3.394 billion |
| Activision Blizzard Inc. (Santa Monica / USA) | € 3.318 billion |
| Electronic Arts (Redwood City / USA) | € 3.251 billion |
| Axel Springer SE (Berlin / GER) | € 3.038 billion |
| Amazon.com Inc. (Seattle / USA) | € 3.011 billion |
| ProSiebenSat.1 SE (Unterföhring / GER) | € 2.876 billion |
| France Télévisions S.A. (Paris / FRA) | € 2.807 billion |
| Graham Holdings Company (Washington D.C. / USA) | € 2.661 billion |
| Bonnier AB (Stockholm / SWE) | € 2.605 billion |
| Nippon Television Holdings (Tokyo / Japan) | € 2.584 billion |
| Shanghai Media Group (Shanghai / China) | € 2.565 billion |
| RAI Radiotelevisione Italiana Holding S.p.A. (Rom / IT) | € 2.535 billion |
| Quebecor Inc. (Montreal / CA) | € 2.534 billion |
| Tokyo Broadcasting System Holdings, Inc. (Tokyo / Japan) | € 2.479 billion |
| Time Inc. (New York / USA) | € 2.470 billion |
| Hubert Burda Media Holding Gmbh & Co. (Offenburg / GER) | € 2.456 billion |
| IAC/InterActiveCorp. (New York / USA) | € 2.341 billion |
| Daily Mail & General Trust plc (London / UK) | € 2.313 billion |
| Bauer Media Group (Hamburg / GER) | € 2.263 billion |
| Univision Communications (New York / USA) | € 2.190 billion |
| Tribune Co./Tribune Publishing (Chicago / USA) | € 2.186 billion |
| China Central Television (Beijing / China) | € 2.138 billion |
| TF1 S.A. (Boulogne, Cedex / FRA) | € 2.092 billion |
| Namco Bandai Games (Tokyo / Japan) | € 2.053 billion |
| ZDF (Mainz / GER) | € 2.021 billion |
| Scripps Networks Interactive (Knoxville / USA) | € 2.006 billion |
| Lions Gate Entertainment Corporation (Santa Monica / USA) | € 1.980 billion |

| | |
|---|---|
| Hunan Broadcasting System (Changsha / China) | € 1.979 billion |
| AOL (New York / USA) | € 1.902 billion |
| Sanoma Group (Helsinki / FI) | € 1.902 billion |
| Schibsted Media Group (Oslo / NOR) | € 1.792 billion |
| Modern Times Group (Stockholm / SWE) | € 1.731 billion |
| Georg von Holtzbrinck GmbH (Stuttgart / GER) | € 1.719 billion |
| King Digital Entertainment plc (Dublin / IRL) | € 1.701 billion |
| Grupo Planeta (Barcelona / ES) | € 1.570 billion |
| Scholastic Corporation (New York / USA) | € 1.562 billion |
| Egmont Group (Copenhagen / DEN) | € 1.551 billion |
| Jiangsu Broadcasting Corporation (Nanjing / China) | € 1.499 billion |
| Ubisoft Entertainment (Montreuil sous Bois / Frankreich) | € 1.464 billion |
| John Wiley & Sons, Inc. (Hoboken / USA) | € 1.416 billion |
| Grupo PRISA (Madrid / ES) | € 1.413 billion |
| NOS (Lissabon / Portugal) | € 1.384 billion |
| SRG SSR (Bern / CH) | € 1.359 billion |
| De Agostini Group (Novara / IT) | € 1.298 billion |
| Gazprom-Media (Moscow / RUS) | € 1.297 billion |
| RCS Media Group (Milan / IT) | € 1.279 billion |
| Seven West Media Ltd. (Perth / AUS) | € 1.253 billion |
| GungHo Online Entertainment (Tokyo / Japan) | € 1.233 billion |
| New York Times Company (New York / USA) | € 1.196 billion |
| Mondadori Group (Milan / IT) | € 1.178 billion |
| China Publishing Group (Beijing / China) | € 1.132 billion |
| Meredith Corporation (Des Moines / USA) | € 1.106 billion |
| Twitter (San Francisco / USA) | € 1.056 billion |

Ang lumalawak at bumibilis na paggamit ng teknolohiya sa impormasyon gaya ng personal computer (PC), cellular phone, Internet at wireless communication ay hudyat ng pagsapit ng cyberage o edad digital. Binago nito, kundi man ganap na pinalitan, ang tradisyunal na paraan ng komunikasyon. Ang unang pahayagan na naging online ay ang *Businessworld* Internet Edition, na inilunsad noong 1995. Nang sumunod na taon, inilunsad ang website ng ABS-CBN (Philippine Communication

Centrum Foundation, 2016). Sunud-sunod na naimbento at nauso ang e-mail service, text messaging, blogging, instant messenger, online games, Youtube, Facebook, Twitter, selfie, websites at mobile applications na walang kaparis ang impluwensiya sa sinumang may access at pambayad, laluna sa hanay ng kabataan, propesyunal at negosyante. Gayong sinaklaw nito ang pang-araw-araw na aktibidad ng tao, hindi naman nagbago ang saligang relasyon ng mga uri. May nagsasabing mistulang alipin ng teknolohiya ang gumagamit nito, sa halip na ang teknolohiya ay magsilbi sa kapakanan ng tao.

**Globalisasyon at Charter Change**

Rumaragasa ngayon ang pagkakamal ng dambuhalang tubo ng malalaking kapitalista saan man, kailan man o anumang paraan nang walang sagka o restriksyong pang-estado; at pagbubukas ng pamilihan ng buong daigdig para malayang dumaloy ang pinansya, kalakal at serbisyo sa ilalim ng kontrol ng mga empresang multinasyunal. Ang globalisasyong neoliberal ay may tatlong penomena: pribatisasyon ng mga ari-arian ng estado, deregulasyon o pag-alis ng kontrol ng gobyerno sa pribadong sektor, at liberalisasyon ng kalakal o pagtanggal ng proteksyon sa lokal na ekonomiya. Sa ganitong balangkas sinasanay ang mga tao sa landas ng matinding karerismo at konsumerismo; indibidwalismo at paghahabol sa personal na kasiyahan, salungat sa kolektibismo at pagsusulong sa pampublikong kabutihan.

Bago si Senador Poe, ang dayuhang pagmamay-ari sa media ay naging sangkap sa mga panukalang charter change ng magkakasunod na administrasyon nina Fidel Ramos, Joseph Estrada, Gloria Macapagal-Arroyo at Benigno Simeon Aquino III. Sa nakaraan at kasalukuyan, target ng pagsususog na pakialaman ang sumusunod na mga probisyon sa Seksyon 11 ng Artikulo 16 Mga Tadhanang Pangkalahatan ng Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas ng 1987 (1991):

> "(1) Ang pagmamay-ari at pamamahala ng mass media ay dapat na limitado lamang sa mga mamamayan ng Pilipinas, o sa mga korporasyon, mga kooperatiba, o mga asosasyong ganap na ari at pinamamahalaan ng gayong mga mamamayan.

> Dapat regulahin o ipagbawal ng Kongreso ang mga monopoli sa komersyal na mass media kapag hinihingi ng kapakanang pambayan. Hindi dapat pahintulutan ang mga kombinasyong pumipinsala sa kalakalan o sa kompitensyang di makatwiran.
>
> (2) Ang industriya ang adbertaysing, na nakikintalan ng kapakanang pambayan, ay dapat regulahin ng batas para sa proteksyon ng mga konsyumer at sa pagtataguyod ng kagalingang panlahat. Ang mga mamamayan o mga korporasyon o mga asosasyong Pilipino lamang na pitumpung porsyento man lamang ng kapital ay ari ng gayong mga mamamayan ang pahihintulutang pumasok sa industriya ng adbertaysing.
>
> Ang paglahok ng mga dayuhang mamumuhunan sa namamahalang mga kapuluan ng mga entity sa nasabing industriya ay limitado sa kanilang katumbas na sapi sa puhunan niyon, at lahat ng mga pinunong tagapagpaganap at tagapamahala ng nasabing mga entity ay kinakailangang mga mamamayan ng Pilipinas."

Noong 2014, minadali ng mga mambabatas sa Senado at House of Representatives, sa pangunguna ng Liberal Party, ang serye ng pagdinig para maipasa ang House Joint Resolution No. 1 sa Kongreso. Sa pagdaing ng US Trade Representative at US State Department hinggil sa pang-ekonomiyang restriksyong itinakda ng Konstitusyon, at pagdalo mismo ng kinatawan ng American Chamber of Commerce sa pagdinig para susugan ito, naging malinaw ang panghihimasok ng dayuhan sa internal na usapin ng bansa: marapat umano ang pagsususog para makapasok ang Pilipinas sa pangkalakalang kasunduang Trans-Pacific Partnership. Nagbabala ang Bayan Muna Partylist na, "ang planong palabnawin ang proteksyunistang probisyon ng Konstitusyon pabor sa direktang pamumuhunan ng dayuhan ay magreresulta sa pagkawala ng kontrol ng mga Pilipino sa kanilang bansa..." (Ellao, 2014). Nang sumunod na taon, tuluyang nadiskaril ang charter change.

Magiging kapaki-pakinabang ba sa bansa ang charter change para payagan ang dayuhang pagmamay-ari sa media? Ito ang tunay na

sitwasyon: marami, kundi man lahat, sa mga nagtatrabaho sa media sa kasalukuyan ay hindi sumusunod sa propesyunal at etikong pamantayan; mababa na nga ang kasanayan nila, lulong pa sila sa korupsyon. Sobra-sobra ang prayoridad sa mga paksang nagbibigay ng aliw kaysa mga paksang nagbibigay ng kamulatan o kamalayan. Sa mga palabas at babasahin, talamak pa rin ang temang seks at karahasan. Paliwanag ni Teodoro (2016), bukod sa lulubha ang ganitong kalagayan, ang lubos na dayuhang pag-aari sa media ay magdudulot ng mabilis na pagpaparami ng "walang talinong pagbabalita" at "trivia (mga bagay na walang kabuluhan) at panlilibang". Paglilinaw pa ni Teodoro (2016):

> "Ang impluwensya ng mga higanteng media sa opinyon, pagpapahalaga, at kaisipan ng malawak nilang madla ay humuhubog sa mga kumpanyang ito na maging mas makapangyarihan kesa sa mga gobyerno. Ang konsentrasyon ng pag-aari ng media sa mga kumpanyang ito ay malubhang naglilimita sa publiko ng karapatang makuha ang pluralidad ng impormasyong pinanggalingan na kailangan nila para makagawa ng batid na mga desisyon hinggil sa mga bagay na nakakaapekto sa kanilang buhay. Pinuna rin ang sistema ng global media sa pagbigay-diin nito sa walang talinong panlilibang para ilihis ang madla sa makabuluhang panlipunan at politikal na tungkulin." Kadalasa'y kapos o walang kakayahan ang komersyal na media na magbigay ng konteksto sa mga kasalukuyang isyu. Ang mga iskolar at akademiko sa komunikasyon, kabilang ang may kasanayan na gumagawa ng sentral na tungkulin ng pamamahayag na magbigay ng impormasyon at pagsusuring kailangan ng batid na publiko na mahalaga sa demokratisasyon at makabuluhang panlipunan at politikal na tungkulin, idiniin na ang ibinibigay nila ay bayas at di-wastong impormasyon at balitang celebrity at tsismis. Dahil ang conglomerates ay inudyukan ng tubo, hindi kabuluhan ang pangunahin nilang pokus kundi palakihin hanggang maaari ang maibalik sa pamumuhunan nila."

Tinukoy at inihalimbawa pa ni Teodoro (2016) ang karanasan sa isang bansa na malapit sa Pilipinas:

> "Sa Australia, halimbawa, kung saan kontrolado ng News Corporation ni Rupert Murdoch ang 33 porsyento ng mga pahayagang metropolitano (na sumasakop sa 70

> porsyento ng kabuuang pahayagang laganap sa Australia), nirereklamo ng mga nababahalang mamamahayag di lang ang pokus sa mga bagay na walang kabuluhan bilang ipinapalagay na preperensiya ng madla. Higit at lalo pa ang di-kritikal na paggamit ng mga press release para sa kapakanan ng mga kliyente sa relasyong publiko at mga adbertayser ay nagiging pangunahing produkto din ng kung ano ang nakakalusot bilang balita. Hinuhubog rin ng mga adbertayser ang nilalaman ng media, habang ang tradisyunal na 'Malaking Pader' sa pagitan ng editoryal at marketing ay sinira sa layuning palakihin ang tubo."

**Unti-unti o mabilisang pagpatay**

Maraming naniniwala sa papel ng media bilang serbisyo publiko—tanod ng bayan at tagapamandila ng katotohanan. Ngunit isa itong kabalintunaan dahil may mga may-ari ng media na lumalabag sa batas paggawa. Nariyan ang news blackout hinggil sa welga o kilos protesta. Sa gitna ng krisis, may mga employer na sadyang umiiwas sa pananagutan. Kung "patas" at "tama" ang trato ng media sa pagbabalita, kabaligtaran ang trato ng mga may-ari nito sa mga manggagawa. Sa obserbasyon ng Altermidya, nagagamit ang sistemang talent para mapagsamantalahan ang manggagawa sa media. Paglilinaw ng Altermidya (2015):

> "Ang sistemang talent sa GMA, na isinasapraktika rin ng ibang media conglomerates gaya ng ABS-CBN, ay paraan ng pinag-isang may-ari para isantabi ang mga probisyon ng Labor Code ng bansa. Tulad ng nangyayari, ang mga batas sa paggawa sa bansa ay pabor na sa mga kapitalista, at mapang-api at mapagsamantala sa mga manggagawa. Gayunman, ipinagkakait hanggang ngayon ng media conglomerates, gaya ng GMA, ang pinakahayag na karapatan ng kanilang mga empleyado na ginagarantiyahan ng Labor Code."

Itinuturong salarin ang mga imposisyong neoliberal sa paglalatag ng pleksibilisasyon sa paggawa para baratin ang sahod o ipako ito sa mababang halaga. Ganito ang nangyayari sa aktwal sa maraming pabrika, malls, eskwelahan, call centers at maging sa mga ahensya ng gobyerno. Nariyan ang tinatawag na "downsizing", "redundancy", "outsourcing" at iba

pang iskema. Sadyang hindi pinatatagal iyong malapit nang maging regular. Kapag walang seguridad sa empleyo, apektado ang kalidad ng pagganap. At ang mababang kalidad ay repleksyon ng pangmatagalang suliraning bumabalot sa media sa pangkalahatan. Sa ipinatutupad na Department Order No. 18-A (2011) ng Department of Labor and Employment (DOLE), naging sistematiko ang paggamit ng mga may-ari ng kumpanya sa mga ahensya sa pangongontrata upang palabasing walang relasyong employer-empleyado nang sa gayo'y maging madali ang pagtanggal sa trabaho o ipagkait ang sweldo at benepisyo.

> "Marami sa mga nagtatrabaho mula ilang taon hanggang isang dekada ay itinuturing pa ring empleyadong kontraktwal, nagpapanibago ng mga kontrata sa loob ng isa hanggang tatlong taon. Wala silang natatanggap na benepisyo gaya ng SSS, Pag-ibig, Philhealth at 13th month pay. Sa kabila ng peligro ng propesyon, na marami sa kanila ang kinakailangang maglakbay sa malalayong lugar at magtrabaho nang mahabang oras—wala silang natatanggap na hazard o overtime pay. Bilang mga kontraktwal (o 'talents' na salitang-palubag sa industriya ng media), nagdurusa sila sa labis-labis na mapagsamantalang patakarang 'no work, no pay', at ang lalong masama: kapag hindi umere ang kanilang program segment sa anumang kadahilanan, wala silang matatanggap na maski anong bayad" (Altermidya, 2015).

Ang kahirapang ibinunga ng walang puknat na kontraktwalisasyon ang nagtulak sa mahigit 100 "talents" ng GMA upang kolektibong tumindig at magsampa ng kasong regularisasyon sa DOLE. Makalipas ang halos dalawang taon, nakamit nila ang tagumpay nang maglabas ng pinal na desisyon ang National Labor Relations Commission na nagdeklarang sila'y mga regular na empleyado (Talents Association of GMA Network, 2016). Kung ang kontraktwalisasyon ay unti-unting pagpatay, ang pagtupad sa tungkulin ay nakamamatay din. Matatandaan na sa loob lamang ng isang araw, noong Nobyembre 23, 2009, sabay-sabay na minasaker ang 30 pinagsanib na mamamahayag at manggagawa sa media, at 27 iba pa, sa Ampatuan, Maguindanao. Sinasabing mahigit na sa sandaan, at patuloy pang nadaragdagan, ang bilang ng mga mamamahayag na pinatay dahil sa

paglalantad sa korupsyon, ilegal na droga at iba pang salot ng lipunan. Ang masaklap nito, mula 1986 hanggang sa kasalukuyan, karamihan sa mga salarin ay hindi pa napaparusahan.

**Panawagan para sa Pilipinisasyon**

Itinuturo ng kasaysayan kung paano ginagamit ng kolonyal at neokolonyal na kapangyarihan ang media bilang kasangkapan ng panunupil, sa halip ng kalayaan. Para panatilihin ang dayuhang dominasyon, sinimulan at pinaunlad ang tradisyon ng paglalathala ng mga pahayagan, radyo at TV broadcasting, paglilikha ng pelikula at paglalabas ng adbertaysing. Mapaghuhugutan ng mga aral ang mapaminsalang tambalan ng media monopoli at sensurang militar na nagsalaula sa malayang pamamahayag at demokrasyang ipinaglaban ng mamamayan. Malinaw din ang dakilang papel ng mga manggagawa sa media bilang makabuluhan at nagpapatuloy na puwersa sa yugto-yugtong pagbabago ng lipunan, magmula sa paglahok sa lumang rebolusyon hanggang sa pag-uunyon laban sa kontraktwalisasyon.

Walang saysay ang pagsasabing “pinakamalaya sa Asya” ang pamamahayag sa Pilipinas sa gitna ng mababang sahod, kawalan ng seguridad sa empleyo, brutal na pagpaslang sa mga mamamahayag, at di-maampat na kultura ng impunidad. Sa papel lang ginagarantiyahan ng gobyerno ang mga karapatan sa paggawa at malayang pamamahayag; hindi ito maaasahan na salingin ang interes ng malalaking asendero’t negosyante na katuwang nito sa paghuhulma ng opinyong publiko pabor sa bulok na sistemang pinaghaharian nila. Habang gumagapang ang presyur ng panukalang charter change na nakaayon sa template ng globalisasyong neoliberal, nananatili ang peligrosong banta ng dayuhang pagmamay-ari sa media, na sa esensiya’y pagtalikod sa pambansang interes para sa walang habas na pagkakamal ng tubo. Nagsisilbi ang dominanteng kolonyal at komersyalisadong media, na pag-aari ng malalaking asendero’t negosyante, para maging madulas ang pikit-matang pagtanggap sa ganitong patakaran o kaayusan, na walang iba kundi pagreresiklo sa mga hungkag na hakbang paatras sa tunay na katarungan at kaunlaran.

Kung gayon, ang kagyat na hamon sa mga nagpapatakbo sa media—mga propyetaryo, manedyer, editor, prodyuser, broadcaster, news reporter, cameraman, manunulat at iba pa—ay ang maging kritikal sa opensibang neoliberal sa ekonomiya, politika at kultura na umaalipin sa kanila at sa madla, kasabay ng paggigiit para sa Pilipinisasyon. Dapat nang matigil ang tahimik na pagpatay na bumibiktima sa mga manggagawa sa media, at pagpatay para manahimik, na bumibiktima sa mga mamamahayag. Kailangang itaas ang pag-unawa sa pamantayang etikal at propesyunal. Higit pa sa pagbibigay-aliw, dapat panghawakan ang tungkulin ng media bilang daluyan ng makatotohanan at walang takot na pagbabalita na makakatulong sa mamamayan sa kanilang personal na pagdedesisyon at panlipunang partisipasyon. Walang bagay na hindi makakamit kung may pagkakaisa't sama-samang pagkilos.

**Mga sanggunian**

Altermidya. (2015, January 10). *Contractualization in the Media: An Injustice to Journalists, a Travesty of Public Service*. Retrieved from http://pinoyweekly.org /new/ 2015/01/altermidya-statement-contractualization-in- the-media-an injustice-to-journalists-a-travesty-of-public-service/

Bagong Alyansang Makabayan. (2016, March 17). *Bayan to Poe: Economic Nationalism, not Charter Change*. Retrieved from http://www.bayan.ph/2016/03/17/bayan-to- poe-economic nationalism-not charter-change/

Center for Media Freedom and Responsibility. (2007). Philippine Press Freedom Primer. Makati City.

Department of Labor and Employment. (2011). *Department Order No. 18-A Series of 2011*. Retrieved from http://www.dole.gov.ph/fndr/bong/files/DO%20No_%2018- A-11.pdf.

Ecumenical Institute for Labor Education and Research (2006). Proletaryo. Quezon City: Ibon Foundation.

Ellao, J. A. J. (2014, April 4). Railroading charter change. *Bulatlat*. Retrieved from http://bulatlat.com/main/2014/04/04/railroading-charter-change-2/

Grafilo, P. A. (1992). Philippine Broadcast Media (Broad)casting its Spell. *IBON Facts & Figures, 15*(13), 1-7.

Hofilena, C. F. (2004). News for Sale The Corruption & Commercialization of the Philippine Media 2004 Edition. Metro Manila: Philippine Center for Investigative Journalism.

Institute of Media and Communications Policy (2015). *Media Data Base – International Media Corporations 2015*. Retrieved from http://www.mediadb.eu/en.html

Konstitusyon ng Republika n\g Pilipinas, 1987 (1991). *Linangan ng mga Wika sa Pilipinas.* Retrieved from http://www.gov.ph/downloads/1987/02feb/19870211- Konstitusyon-CCA.pdf.

Lema, K. (2016, March 16). *Philippine Frontrunner Favours Easing Foreign Ownership in Media, Utilities*. Reuters. Retrieved from http://www.dailymail.co.uk

Malinao, A. L. (1997). *Journalism for Filipinos Revised Edition*. Mandaluyong City. National Book Store

McQuail, D. (2010). *Mass Communication Theory 6th Edition*. London: Sage Publication

Philippine Communication Centrum Foundation (2016). *Media Museum*. Retrieved from http://www.aijc.com.ph/PCCF/mediamuseum/timeline/timeline-main.htm

Soliongco, I. P. (1981). *Soliongco Today A Contemporary from the Past*. Quezon City: Foundation for Nationalist Studies

Soriano, R. F. (2000). *Aspects of Film Production Easy College Understanding*. Booklore Publishing Corp.

Talents Association of GMA Network (2016, May 1). *NLRC entry of judgment for TAG vs GMA Network February 17, 2016.* Retrieved from https://buhaymedia.wordpress.com/2016/05/01/news-nlrc-entry-of-judgment-for- tag-vs-gma-network-february-17-2016/

Teodoro, L. V. (2016, March 31). Poe and the false promise of foreign media ownership. *Businessworld*. Retrieved from http://www.bworldonline.com/content.php?section=Opinion&title=poe-and-the-false-promise-of-foreign-media-ownership&id=125311

Vizmanos, D. P. (2003) *Martial law diary and other papers.* Quezon City: Ken Incorporated.

**Mga Kontribyutor**

Si **Dennis Espada** ay isang makata, manunulat at mamamahayag. Siya'y mag-aaral ng Komunikasyon sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP) Graduate School at fellow sa tula ng Palihang Rogelio Sicat sa ilalim ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Siya'y faculty member sa Kolehiyo ng Sining at Agham sa Pamantasan ng Lungsod ng Muntinlupa.

Nagtuturo ng wika, panitikan at pananaliksik sa Kagawaran ng Filipinolohiya ng PUP si **Jomar Adaya**. Nagtapos din sa nabanggit na unibersidad ng AB Filipinolohiya at MA Filipino, at kasalukuyang kumukuha ng PhD in Philippine Studies sa UP Diliman. Kasalukuyan siyang Hepe ng Center for Labor Research and Publications sa ilalim ng ILIR-PUP.

Si **U Eliserio** ay nagtuturo ng popular na kultura sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa UP Diliman. Awtor siya ng *Kami sa Lahat ng Mataba* (UST, 2016), koleksyon ng kritisismo. Natanghal na ang kanyang mga dula sa UP, Miriam College, at Cultural Center of the Philippines. Nagsusulat din siya ng maikling kuwento.

Kasalukuyang kumukuha si **Romeo Peña** ng PhD in Philippine Studies sa UP Diliman at dito rin nagtapos ng MA Filipino: Malikhaing Pagsulat. Nagtapos siya ng AB Filipinolohiya sa PUP at dito rin nagtuturo ng wika, panitikan, malikhaing pagsulat, at pananaliksik. Kasalukuyan siyang Hepe ng Center for Social History sa PUP.

**E. SAN JUAN, JR,** professorial lecturer sa Polytechnic University of the Philippines, ay emeritus professor ng English, Comparative Literature & Ethnic Studies sa ilang unibersidad sa U.S. Ilang bagong libro niya: Lupang Hinirang, Lupang Tinubuan (De la Salle U Press); Ambil (Philippines Studies Center); Between Empire and Insurgency (U.P. Press); Learning from the Filipino Diaspora (UST Press); Filipinas Everywhere (Sussex Academic

Press); Wala (PUP Press), at ang nakasalang na bagong libro: Carlos Bulosan (New York, Peter Lang)

Si **Daisy Arago** ay kasalukuyang Executive Director ng Center for Trade Union and Human Rights. Organisador, edukador at mananaliksik sa kilusang paggawa sa Pilipinas at maging sa ibayong dagat. Kamakailan, pinangunahan ni Ka Daisy ang pananaliksik sa mga batang manggagawa sa plantasyon sa Mindanao na inilimbag sa aklat na Children of the Sunshine Industry: Child Labor and Workers Situation in Oil Palm Plantations in CARAGA.

Titser at habambuhay na istudyante sa sosyolohiya, ekomomiks, at pagpapaunlad pampamayanan si **RE Felicia**. Nagtapos ng Masterado sa Pagpapaunlad ng Pamayanan sa University of the Philippines (UP), at Economics sa University of the East (UE). Bukod sa ILIR-PUP, bahagi din siya ng iba't ibang institusyong pangmanggagawa tulad ng Ecumenical Institute of Labor Education and Research (EILER), at Defend Job Philippines. Napapanood siya bilang Ka Mando sa serye ng mga educational video ng Kwentong Obrero. Sa likod ng kamera, si Sir Mandy ay may kinalaman sa mga dokumentaryong tulad ng Kwadradong Daigdig (tungkol sa globalisasyon), Lupa ay Laya (kasaysayan ng kilusang magsasaka sa Pilipinas), at Proletaryado (kasaysayan ng kilusang manggagawa sa Pilipinas).

Kilalang artista ng bayan at ng uring mangagawa, at dating Dekano ng College of Fine Arts, Unibersidad ng Pilipinas, si **Leonilo "Ka Neil" Doloricon**. Bukod sa pagiging lider-akademiko, pinanday ang sining ni Ka Neil ng mayaman at mahabang karanasan bilang organisador, edukador at lider-manggagawa.

Bahagi ng

epistemikong komunidad ng PUP,

ang Surian sa Paggawa

at Relasyong Pang-industriya (ILIR)

ay nagsisilbing

**saliksikan,**

**ugnayan,**

**daluyan,**

**sanayan,**

**suportang serbisyo**

**at**


**adbokasiya**

upang maging ambag ng PUP

sa pagbubuo ng maunlad,

masagana at nagsasarili ng ekonomya at lipunan

sa pamamagitan ng produktibo at mulat na paggawa.



POLYTECHNIC UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
1904